KAUTUSAN BILANG ..............

2/08

KAUTUSANG NAGLALAAN NG HALAGANG ₱138,377.00 BILANG KARAGDAGANG GUGULIN NA BAHAGI NG LUNGSOD SA PANGANGALAGA NG MGA DAANG NABIBILANG SA PAGTUTULUNGAN NG PAMAHALAANG PAMBANSA AT NG LUNGSOD NG MAYNILA.

Ipinag-uutos ng Batasang Bayan ng Lungsod ng Maynila, na:

PANGKAT 1. Ang halagang ₱138,377.00 o anumang bahagi nito na kakailanganin, ay inilalaan mula sa anumang salapi sa kabang yaman ng Lungsod na hindi pa naiuukol sa ano pa mang bagay, bilang karagdagang gugulin na bahagi ng Lungsod sa pangangalaga ng mga daang nabibilang sa pagtutulungan ng pamahalaang pambansa at ng Lungsod ng Maynila.

PANGKAT 2. Ang kautusang ito ay magkakabisa sa araw ng pagtitibay.

Ipinasya ng Batasang Bayan ng Maynila ngayong Mayo 30, 1968.

Pinagtibay ng Punong Lungsod ng Maynila ngayong, ika-19 ng Hunyo, 1968.

PINAGTIBAY:

ANTONIO J. VILLEGAS
Punong Lungsod
ng Maynila

JOSE M. SEMBRANO
Kagawad, Pansamantalang
Pangalawang Punong
Lungsod at Tagapangulo,
Batasang-Bayan

PINATUNAYAN:

SERAFIN P. MANALO
Kalihim ng Punong Lungsod

MANUEL A. ROBLES
Kalihim, Batasang-Bayan

GPM/esg